

CALIFORNIA OFFICE OF TAX APPEALS

# MGA RESOURCE PARA SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS

## Ombudsperson

Maaaring makipag-ugnayan sa Ombudsperson ng Office of Tax Appeals (OTA) para masagot ang anumang tanong tungkol sa proseso na mayroon ang isang tao tungkol sa kanyang kaso, makatanggap ng tulong sa paghahain ng kanyang apela, o kung kailangan niya ng karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng mga apela. Maaaring makipag-ugnayan sa Ombudsperson ng OTA sa pamamagitan ng email sa *info@OTA.ca.gov* o sa pamamagitan ng telepono sa **916-206-4355.**

## Small Case Program

Nag-aalok ang OTA ng opsiyonal na Small Case Program (SCP) para sa ilang partikular na apela sa mga nauukol na halagang mas mababa sa tinukoy na limitasyon. Bagama't hindi ginagarantiyahan, ang mga apela sa SCP ay pangkalahatang pinapagpasiyahan nang mas maaga kaysa sa pangkaraniwang proseso ng mga apela dahil sa pinabilis na iskedyul dahil karaniwang mas kaunting kumplikadong impormasyon, legal na isyu, at ebidensiya ang mayroon sa mga kasong ito. Dadaan man sa pangkaraniwang proseso o sa SCP ang apela, maingat itong susuriin at pagpapasiyahan sa paraang walang kinikilingan at obhetibo.

## Pro Bono na Programa

Kasama ang California Lawyers Association (CLA), nagsimula ang OTA ng libreng pro bono na programa. Ipinapaalam ng OTA sa mga kuwalipikadong nagbabayad ng buwis ang tungkol sa pagkakataong ito at idinidirekta nito ang mga interesadong indibidwal na makipag-ugnayan sa CLA para mag-iskedyul ng appointment sa mga boluntaryong abogado. Itinutugma ng CLA ang mga boluntaryong abogado sa mga nagbabayad ng buwis na walang kinatawan para magbigay ng limitadong saklaw na payo tungkol sa kanilang apela sa OTA. Nakakatulong ang inisyatibang ito sa mga nagbabayad ng buwis, na hindi makakakuha ng legal na kinatawan kung hindi dahil dito, para makakuha ng legal na payo mula sa mga kuwalipikadong propesyonal.

## Ang Tax Appeals Assistance Program

Ang Tax Appeals Assistance Program (TAAP) ay maaaring magbigay ng libreng legal na pagtataguyod sa mga kaso kung saan ang halagang pinag-uusapan ay wala pang $30,000. Ang mga kuwalipikadong mag-aaral ng batas, na ginagabayan ng mga abogado ng ahensiya ng buwis na nag-uulat sa Taxpayers' Rights Advocate ng bawat ahensiya ng buwis, ay available na magpayo sa mga indibidwal na nagbabayad ng buwis. Ang mga mag-aaral ng batas ay nananaliksik at bumubuo ng mga brief ng apela, pinapangasiwaan din nila ang iba pang usapin sa ngalan ng mga kuwalipikadong nagbabayad ng buwis. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang **Tax Appeals Assistance Program ng California Department of Tax and Fee Administration at Tax Appeals Assistance Program ng Franchise Tax Board.**